Impormasyon tungkol sa Iniinom na Non-Steroidal Anti-Inflammatory na Gamot

- Panimula
- Uri ng NSAID
- Gamit sa Klinika
- Mga Epekto
- Mga Espesyal na Konsiderasyon para sa Iba't Ibang Grupo ng mga Pasyente
- Bawasan ang Epekto ng NSAID
- Pag-imbak ng Gamot
- Maayos na paggamit ng mga produktong pangkalusugan

Panimula

Ang Non-Steroidal Anti-inflammatory Drugs (NSAID) ay ang grupo ng mga gamot na mayroong analgesic (pagkitil ng sakit), anti-inflammatory (nakakabawas ng pamamaga, kung saan ang reaksyon ng katawan ay maaaring magdulot ng pamumula, pamamaga, sakit at pag-init) at antipyretic (pagbaba ng temperatura) na mga sangkap.

Ang NSAID ay gumagana sa pamamagitan ng pagharang ng mga tukoy na enzymes na kung tawagin ay cyclo-oxygenase (COX) sa iyong katawan. Kinokontrol ng COX enzymes ang pagbuo ng mga kemikal na kung tawagin ay prostaglandins, na syang responsable sa maraming cellular na pagtugon at pathophysiological na mga proseso.

Mayroong dalawang magkaibang COX enzymes, na kung tawagin ay COX-1 at COX-2. Ang COX-1 ay nagtutungo sa gastrointestinal tract upang protektahan ang tyan mula sa asido at sa dugo, responsable sa pagpupulong ng mga platelet. Ang COX-2 ay pinangangasiwaan ang paglabas ng mga prostaglandins na responsable sa sakit at pamamaga. Kapag umabos sa utak, maaaring magdulot ng lagnat ang mga prostaglandins.

Uri ng NSAID

Ang NSAID na gumagana sa ibang COX enzymes ay magkakaroon ng ibang epektong parmakolohikal at epekto. Ayon sa mga uri ng COX enzymes na tinukoy, ang NSAID ay

maaaring uriin bilang:

- Non-selective NSAID – na pumipigil sa epekto ng parehong COX-1 at COX-2 enzymes.
- COX-2 inhibitors – na pumipigil lamang sa epekto ng COX-2 enzymes. Anh koneksyong ito ang nagpapababa ng antas ng pagduruo sa tyan.

Karaniwang mga NSAID

Kabilang sa mga karaniwang ginagamit na NSAID sa Hong Kong ang:

- Non-selective NSAIDs - ibuprofen, diclofenac, indomethacin, ketoprofen, ketorolac, mefenamic acid, naproxen at piroxicam.
- COX-2 inhibitors - celecoxib at etoricoxib.

Karamihan sa mga karaniwang ginagamit na NSAID (hal. diclofenac tablet at mefenamic acid na kapsula) ay maaaring makuha lamang mula sa parmasyutiko at ng reseta. Ang ibang NSAID (hal. ibuprofen tablet) ay maaaring ibenta ng walang reseta ngunit sa ilalim lamang ng pangangasiwa ng isang nakarehistrong parmasyutiko o nakarehistrong parmasyutiko.

Aspirin

Ang Aspirin ay isang NSAID na ginawa isang daang taon na ang nakakaraan at ginagamit na noon pa man. Ngunit, dahil sa epekto nito at ang pagkakaroon ng iba pang alternatibo, ang aspirin ay ginagamit na ngayon sa maliit na dosis para sa mga pasyenteng may mataas na antas ng panganib upang maiwasan ang pamuumuo ng platelets.

Ang mga platelets ay importante para sa pamumuo ng dugo. Subalit, para sa mga pasyente na may kasaysayan ng stroke o atake sa puso, hypertension at diabetes, ang pamumuo ng platelet ay makakapagpataas ng panganib ng cardiovascular or cerebrovascular na mga karamdaman. Ang mababang dosis ng aspirin ay ginagamit sa mga mataas ang antas ng panganib na mga pasyente upang maiwasan ang thrombotic events (hal. myocardial infarction at stroke).

Ang paggamit ng aspirin sa mga Kabataang may mababa sa 16 ang edad ay madalas nagkakaroon ng Reye's syndrome, isang seryoso at mapanganib na kondisyon. Dahil dito, ang mga gamot na mayroong aspirin ay hindi dapat ibigay sa mga Kabataang mas mababa sa 16 taon ang edad.

Bagama't ang aspirin ay hindi kailangan ng reseta upang bilhin, ang madalas na

paggamit ng mababang dosis na aspirin para sa mga taong walang kasaysayan ng panganib tulad ng atake sa puso o stroke ay hindi inirerekomenda dahil ang antas ng panganib na may kinalaman sa paggamot, tulad ng ulcer sa tyan at pagdurugo sa loob, ay mas matimbang kumpara sa benepisyo nito.

Gamit sa Klinika

Kabilang sa tatlong pangunahing gamit ng NSAID ang:

- Pagpawi ng banayad hanggang katamtamang sakit
- Pagbawas ng acute at chronic na pamamaga
- Pagpapababa ng lagnat

Maaaring makuha ang NSAID sa iba't ibang porma at dosis. Kabilang na dito ang iniinom (hal. tableta, kapsula, at likido), panlabas (hal. gel, cream, at suppository) at injectables.

Pain Relief

Kapag ibinibigay sa isang dosis, ang NSAID ay mayroong analgesic na aktibidad na maihahalintulad sa paracetamol. Sa regular na buong dosis, ang NSAID ay mayroong matagal na analgesic at anti-inflammatory na epekto na syang kapakipakinabang sa paggamot ng mga patuloy na sakit na may kinalaman sa pamamaga. Maaari ring maging kapakipakinabang ang NSAID sa iba pang masakit na kondisyon tulad ng sakit sa likod at mga sof-tissue disorders.

Rheumatoid Arthritis

Ang Rheumatoid Arthritis ay isang autoimmune na sakit na nagdudulot ng pamamaga ng mga kasu-kasuan. Ang mga pasyente ay nagdurusa mula sa pananakit at paninigas ng mga kasu-kasuan. Napapawi ng NSAID ang sakit at pamamaga sa mga apektadong kasu-kasuan ngunit hindi nito mapapabagal ang paggalaw ng rheumatoid arthritis.

Mga Epekto

Ang panganib ng mga epekto ay nakadepende sa uri, sa dami at tagal na ininom ang NSAID. Sa pangkalahatan, ang COX-2 inhibitors ay mayroong mas banayad na epekto sa tyan ngunit may mas mataas na panganib sa puso kumpara sa non-selective NSAId. Ang panganib ay maaari ring mas mangyari sa mga taong umiinom ng NSAID ng mataas na dosis sa mahabang panahon. Ang mga epekto ay mas karaniwan sa mga matatandang pasyente. Humingi ng payo mula sa iyong doktor para sa pinakamiging paraan ng paglunas.

Kabilang sa mga karaniwang epekto ng NSAID ang pagduduwal, pagsusuka, pagtatae, hirap sa pagdumi, at kawalang gana sa pagkain. Maaari ring magdulot ang NSAID ng fluid retention na nagdudulot ng edema.

Kabilang sa mga hindi karaniwang epekto ng NSAID ang:

- Pananakit ng ulo, pagkahilo, pagkabalisa, depresyon, pagkaantok, insomnia, vertigo
- Kapag ginagamit sa mataas na dosis at sa mahabang panahon, maaari itong maiugnay sa maliit na pagtaas ng antas ng panganib ng thrombotic events (hal. myocardial infarction at stroke) at ang panganib ay mas mataas sa mga COX-2 inhibitors
- Mas matagal na pagdurugo
- Ang mga pasyenteng may hika o allergic disorders ay may panganib na maging allergic sa NSAID na may malubhang reaksyon sa balat at maaaring magkaroon ng angioedema
- Sa mga piling kaso, ang NSAID ay maaaring makaapekyo sa atay at bato, lalo na sa mga mayroon nang problema sa atay o bato

Mga Espesyal na Konsiderasyon para sa Iba't Ibang Grupo ng mga Pasyente

Mga Buntis na Kababaihan

Hindi inirerekomenda ang paggamit ng NSAID sa panahon ng pagbubuntis. Hindi dapat inumin ang NSAID mula sa ika-30 linggo ng pagbubuntis pasulong.

Nagpapasusong mga Kababaihan

Hindi inirerekomenda ang paggamit ng NSAID habang nagpapasuso liban na lamang kung ipinayo ito ng mga propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan na ang benepisyo nito sa paglunas ay mas matimbang sa panganib na maidudulot sa iyong sanggol.

Women at childbearing age

Ang pangmatagalang paggamit ng ibang NSAID (hal. diclofenac at mefenamic acid) ay maaaring maiugnay sa pagkababa ng tsansang mabuntis, na maaaring gumaling sa pamamagitan ng paghinto ng paglunas. Hindi inirerekomenda ang paggamit nito sa mga kababaihang nagpplanong magbuntis.

Mga Matatanda

Gamitin ng may pag-iingat ang NSAID sa mga matatandang, dahil may mas mataas na panganib ito sa epekto sa matatanda.

Mga Pasyenteng may gastro-intestinal ulceration o pagdurugo

Ang mga pasyenteng may gasto-intestinal ulcerationo pagdurugo ay hindi dapat uminom ng NSAID. Ang mga pasyenteng may kasaysayan ng gasto-intestinal bleeding, ulceration, o perforation ay hindi dapat uminom ng piroxicam, ketoprofen at ketorolac.

Mga Pasyenteng may sakit sa cardiovascular at bato

Sa bihirang pagkakataon, maaaring mapinsala ng NSAID ang bato at ang cardiovascular system (puso at mga blood vessels). Kung kaya't karaniwang hindi inirerecomenda ang paggamit ng NSAID sa mga taong mayroon nang antas ng panganib para sa cardiovascular o kondisyon sa bato. Ang mga pasyenteng may malubhang sakit sa puso ay hindi dapat uminom ng NSAID.

Mga Pasyenteng may Hika

Ang mga pasyenteng may hika ay kailangang inumin ang NSAID nang may pag-iingat dahil ang ibang taong may hika ay nagsasabing ang pag-inom ng NSAID ay nakakapagpalala ng sintomas ng kanilang hika.

Gagamit ang mga doctor o parmasyutiko ng pinakanaaangkop na porma at dosis pagkatapos ikonsidera ang panganib at benepisyo ng NSAID. Ang mga pasyente ay pinapayuhang sumunot sa tagubilin ng doktor o parmasyutiko sa paggamit ng mga gamot.

Bawasan ang Epekto ng NSAID

Ang NSAID ay ginagamit upang gamutin ang maraming mga sakit at kondisyon. Maaaring maging epektibo ang paglunas nang may katanggap tanggap na epekto kung gagamitin ito sa ulalim ng masusing patnubay ng mga propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan. Importanteng parating kumonsulta sa iyong doktor/ parmasyutiko bago uminom ng NSAID, lalo na kung iniinom mo angmga ito sa mahabang panahon o oras, o sa mataas na dosis dahil ang iyong reaksyon sa gamot ay kailangang bantayan.

Pakikipag-ugnayan sa iyong doktor

- Kailangang gamitin ang NSAID sa ilalim ng patnubay na medikal.
- Humingi ng payo sa iyong doktor para sa pinakamahusay na opsyon ng paglunas.

Minsan, ang mga hindi pangparmasyutikong opsyon at ang simpleng analgesic tulad ng paracetamol ay gumagana rin ng mahusay. Ang mga Topical na NSAID ay maaaring maging epektibo para sa transient o lokal na sakit at mayroong mas banayad na epekto. Ang ibang mga NSAID ay maaaring mas piliin kumpara sa iba dahil sa mas mababang panganib o partikular na komplikasyon.

- Ipaalam sa iyong doktor ang iyong mga gamot at kasaysayang medikal dahil ang ibang mga gamot ay maaaring makaapekto sa NSAID at ang ibang mga sakit ay maaaring magdulot ng espesyal nap ag-iingat.
- Ipaalam sa iyong doktor o parmasyutiko na ikaw ay buntis o nagpapasuso.
- Humingi ng medikal na payo sa lalong madaling panahon kung nakakaranas ka ng epekto na maaaring may kinalaman sa NSAID, tulad ng pananakit ng tyan, pagtunog sa loob ng tenga, at mataas na blood pressure.
- Kung hindi Maganda ang iyong pakiramdam habang o pagkatapos ng paglakbay sa labas ng Hong Kong, o pagkatapos ng makagat ng lamok, kailangan mong humingi agad ng medikal na payo at ibigay ang mga detalye ng iyong paglalakbay sa doktor para sa klinikal na diagnosis at isaayos ang naaangkop na pagsusuri ayon sa iyong kondsyon. Pinapaalalahanan kang HUWAN mag-gamot ng sarili, lalo na gamit ang aspirin o isang non-steoridal anti-inflammatory na gamot (tulad ng ibuprofen) dahil ang mgagamot na ito ay maaaring magdulot ng mga seryosong epekto, halimbawa ay pagtaas ng panganib na magka-haemorrhage. Irereseta ng iyong doktor ang pinakanaaangkop na gamot para sayo pagkatapos ikonsidera ang iyong kondisyon at ang iyong pagtugon sa gamot.
- Panatiliin ang regular na follow-up ayon sa payo ng iyong doctor.

Pag-inom ng NSAID

- Uminom ng NSAID ayon sa payo ng iyong doctor. Sa pangkalahatan, iniinom ito kasabay ng gatas o pagkain. Para sa mga kasong may intolerant o gastrointestinal na epekto, maaaring magreseta ang doktor ng enteric-coated na mga gamot, o palitan ang daanan ng gamot upang mapababa ang sintomas tulad ng dyspepsia.
- Kung kailangang uminom ng NSAID sa pangmahabang panahon, ikaw ay mayroong mataas na antas ng panganib na magkaroon ng ulcer sa tyan at pagdurugo, maaari kang bigyan ng karadagang gamot upang protektahan ang iyong tyan.

Pagbabago ng Pamumuhay at Ugali

- Ikaw ay pinapayuhang umiwas sa paninigarilyo at pag-inom ng maramingalak dahil ang mga aktibidad na ito ay nakakapagpataas ng antas ng panganib na

magkaroon ng ulcer sa tyan.

Pag-imbak ng Gamot

Kailangang itabi sa malamig at tuyong lugar ang mga gamot. Liban na lamang kung binanggit sa label, hindi dapat itago sa refrigerator ang mga gamot. Bukod pa rito, ang mga gamot ay kailangang maitabi ng maayos sa mga lugar na hindi maaabot ng mga Kabataan upang maiwasan ang aksidenteng pagkainom nito.

Maayos na paggamit ng mga produktong pangkalusugan

Maraming mga produktong pangkalusugan sa merkato na nagsasabing naaangkop sila para sa mga masasakit na kondisyon. Hindi na kakaiba na ang mga pasyente na mayroong acute o chronic pain ay kumokonsumo ng mga produktong pangkalusugan na ito upang mabawasan ang kanilang sintomas. Minsan ay binibili nila ang mga produktong ito mula sa lokal at pang-ibang bansang mga merkado.

Ang Departamento ng Kalusugan ay dati nang nakatanggap ng mga ulat ng mga pasyenteng hindi bumuti ang pakiramdam matapos uminom ng mga naturang produkto. Isiniwalat ng pagsusuri na ang mga produktong ito ay napanghimasukan ng mga NSAID. Ang ibang mga produkto ay napanghimasukan ng ibang mga uri ng NSAID, at pati na rin ang corticosteroid na nagdudulot ng malubhang panganib sa kalusugan. Sa ibang mga kaso, nagdusa ang mga pasyente mula sa nasirang atay o ang bato ay nagkaroon ng malubhang sequelae. Maaari kang sumangguni sa link para sa "Mga Produktong mayroong hindi idineklarang mga gamot" ng wesite ng tanggapan ng Gamot para sa iba pang impormasyon.

Para sa ano mang pagkabalisa o sakit, kailangang makipag-ugnayan ang mga pasyente sa kanilang mga doktor at sundin ang kanilang treatment plan upang makontrol ang sakit. Ang paggamit ng mga produktong pangkalusugan nang walang payo ng propesyunal sa kalusuganay hindi lamang makaapekto sa pagkontrol ng sakit, Kundi maaari ring makapagdulot ng mga sakit o pati na rin ang mapanganib na epekto dahil sa pakikipag-ugnayan ng mga gamot. Kailangang kumonsulta ang publiko sa kanilang mga doktor, parmasyutiko o mga propesyunal sa kalusugan bago uminom ng ano mang mga produktong pangkalusugan at hindi dapat gumamit ng mga produkto upang mapangasiwaan ang gamot dahil laman sa mga salitang sinabi nila.

Tanggapan ng Gamot
Departamento ng Kalusugan
Agosto 2025